

## Mga Tagubilin sa Aplikasyon sa Programa para sa Benepisyong Pang-emergency na Broadband (FCC Form 5638)

### Pahina 1: Tungkol sa Programa para sa Benepisyong Pang-emergency na Broadband

Ang Programa para sa Benepisyong Pang-emergency na Broadband (EBB Program) ay isang pansamantalang programa ng pederal na pamahalaan na nagbibigay ng buwanang diskuwento sa mga serbisyo ng broadband at kung maaari, isang beses na diskuwento sa konektadong device para sa mga konsumer na mababa ang kita sa panahon ng pandemyang COVID-19.

#### Mga Patakaran

Kung ikaw ay kwalipikado, makatanggap ang iyong sambahayan ng buwanang benepisyong Programa sa EBB na hanggang \$50 para masakop ang gastos ng iyong serbisyo sa internet (hanggang \$75 sa mga kwalipikadong Pang-tribo na lupain). Sa pamamagitan ng programa, puwedeng mag-alok ang iyong tagapagbigay ng serbisyo ng isang beses na benepisyong device na konektado sa internet na hanggang \$100 para sa isang desktop computer, tablet, o laptop na may co-payment na higit sa \$10 ngunit mas mababa sa \$50.

Pansamantala lang at mawawalan ng bisa ang programang ito kapag naubos na ang pondo o anim na buwan matapos ideklara ng Kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyonang Pantao ang pagtatapos pandemya sa COVID-19.

Hindi maaaring makakuha ng benepisyong Programa sa EBB mula sa higit sa isang tagapagbigay ng serbisyo ng iyong sambahayan. Maaari ka lang makatanggap ng isang benepisyong Programa sa EBB sa kada sambahayan, **hindi sa kada tao**. Kung mahigit sa isang tao sa iyong sambahayan ang lumahok sa Programa sa EBB, nilalabag mo ang mga patakaran ng FCC at mawawala sa iyo ang benepisyong.

Ang Programa para sa Benepisyong Pang-emergency na Broadband ay hiwalay sa Programang Lifeline ng FCC. Kung kwalipikado ang iyong sambahayan para sa parehong programa, puwede kang mag-apply at makatanggap ng parehong benepisyong.

Tandaan: Kailangan ring matugunan ng mga tagapagbigay ng serbisyo ng broadband ang ilang pamantayan para makilahok sa Programa sa EBB.

Alamin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo para matukoy kung lumahok ito. Kung naghahanap ka ng tagapagbigay ng serbisyo, bisitahin ang [Mga Kumpanya na Malapit sa Akin](#) para makahanap ng isang kalahok na tagapagbigay ng serbisyo sa iyong lugar

#### Ano ang sambahayan?

Ang sambahayan ay grupo ng mga tao na magkasamang naninirahan at naghahati-hati sa kita at gastusin (kahit wala silang kaugnayan sa isa't isa).

#### Huwag ibigay ang iyong benepisyong sa ibang tao

Ang benepisyong sa Programa sa EBB ay hindi maililipat. Hindi mo maaaring ibigay ang iyong benepisyong sa ibang tao, kahit na kwalipikado sila para sa Programa sa EBB.

### Maging tapat sa form na ito

Kailangan mong magbigay ng tama at totoong impormasyon sa form at sa lahat ng form na kaugnay sa Programa sa EBB o mga palatanungan. Kung magbibigay ka ng hindi totoo o mapanlinlang na impormasyon, mawawala sa iyo ang iyong benepisyo (pagkaalis sa listahan o pagkatanggal sa programa) at maaaring gumawa ng legal na aksyon ang pamahalaan ng Estados Unidos laban sa iyo. Puwedeng kasama rito ang (ngunit hindi limitado sa) mga multa o pagkabilanggo.

### Maaaring kailanganin mong magpakita ng iba pang dokumento

Kung hindi mapapatunayan ng Tagapangasiwa ng Programa sa EBB na kwalipikado ka o ang isa sa iyong sambahayan sa pamamagitan ng pagtingin sa mga available na elektronikong sanggunian (kasama ang mga database ng pagiging karapat-dapat para sa mga ka-partner na ahensya ng pamahalaan ng FCC), maaaring kailanganin mong magbigay ng mga karagdagang dokumento. Halimbawa, maaaring kailangan mong magbigay ng isang opisyal na dokumento na nagpapatunay sa iyong pakikilahok sa isang programa ng tulong ng gobyerno na gagawin kang kwalipikado sa benepisyo, iyong kita, o iyong pagkakakilanlan.

### Paano Mag-apply

Para mag-apply sa Program sa EBB, punan ang mga kailangang seksyon ng form na ito, lagyan ng inisyal ang bawat pahayag sa kasunduan, at lumagda sa pahina 7. Puwede ka ring mag-apply online sa [GetEmergencyBroadband.org](http://GetEmergencyBroadband.org) para sa mas mabilis na pagproseso.

Ipadala ang form sa address na ito:

**USAC**

**Emergency Broadband Support Center**

**P.O. Box 7081**

**London, KY 40742**

### Pahina 2: Ang iyong Impormasyon

Kinakailangang punan ang lahat ng field maliban na lang kung isinaad. Gumamit lamang ng mga naka-CAPITALIZE na TITIK at itim na tinta para punan ang form na ito.

1. **Ano ang iyong buong legal na pangalan?** Ilagay ang iyong pangalan sa unang linya, gitnang pangalan (opsyonal) sa pangalawang linya sa unang hanay ng mga kahon, at apelyido sa ikatlong linya. Isama ang anumang panlapi (opsyonal) sa pangalawang linya sa pangalawang hanay ng mga kahon. Gamitin ang iyong buong legal na pangalan na ginagamit mo sa mga opisyal na dokumento. Huwag gumamit ng palayaw.
2. **Ano ang iyong numero ng telepono?** Ilagay ang numero ng iyong telepono, kung mayroon ka.
3. **Kailan ka ipinanganak?** Ilagay ang buwan, petsa, at taon ng iyong kapanganakan sa ganoong pagkakasunod-sunod.
4. **Ano ang iyong email address?** Kung mayroon kang email address, ilagay mo dito. Inirerekomenda ang paglalagay ng email address para mapadalhan ka ng USAC ang mga update sa lagay ng iyong aplikasyon.
5. **Pagpapatunay sa Pagkakakilanlan.** Pumili ng isa sa mga sumusunod para patunayan ang iyong pagkakakilanlan.
  - a. **Social Security Number.** Kung gusto mong patunayan ang iyong pagkakakilanlan gamit ang iyong Social Security Number, lagyan ng tsek ang kahon sa kaliwa ng subseksyong ito at ilagay ang huling apat na digit ng iyong Social Security Number (SSN4) sa patlang na inilaan sa ibaba. Tandaan na hindi kailangan ang mga Social Security Number para

lumahok sa Programa para sa Benepisyo ng Pang-emergency na Broadband, pero pinakamabilis na mapoproseso ang iyong aplikasyon sa paggamit ng Social Security Number.

O

- b. Tribal Identification Number.** Kung gusto mong patunayan ang iyong pagkakakilanlan gamit ang iyong Tribal Identification Number, lagyan ng tsek ang kahon sa kaliwa ng subseksyong ito at ilagay ang numero sa patlang na inilaan sa ibaba.

O

- c. Iba pang Anyo ng Pagkakakilanlan.** Kung gusto mong patunayan ang iyong pagkakakilanlan gamit ang isa pang anyo ng pagkakakilanlan, kabilang ang Lisensya sa Pagmamaneho, Pansundalong ID, Pasaporte, Taxpayer Identification Number (ITIN), o iba pang ID na Inisyu ng Gobyerno, lagyan ng tsek ang kahon sa kaliwa ng subseksyong ito at piliin ang kahon para sa angkop na kategorya sa ibaba. Maglakip ng na-scan na kopya o larawan ng iyong form ng pagkakakilanlan sa iyong aplikasyon.

Lisensya sa Pagmamaneho

Pansundalong ID

Pasaporte

Taxpayer Identification Number (ITIN)

Iba pang ID na Inisyu ng Gobyerno

### **Pahina 3: Ang iyong Impormasyon (Pagpapatuloy)**

6. **Ano ang address ng iyong bahay?** Ilagay ang address ng iyong bahay. Ito dapat ang address kung saan ka makakatanggap ng serbisyo at hindi maaaring P.O. Box. Kasama dapat dito ang iyong numero at pangalan ng kalye sa unang linya, ang iyong apartment o numero ng yunit (kung mayroon ka) sa pangalawang linya sa unang hanay ng mga kahon, ang lungsod sa ikalawang linya sa ikalawang hanay ng mga kahon, ang pinaikling estado sa pangatlong linya sa unang hanay ng mga kahon, at Zip code sa pangatlong linya sa pangalawang hanay ng mga kahon.
7. **Isa ba itong pansamantalang address?** Lagyan ng tsek ang yes o no.
8. Kung nakatira ka sa Pang-tribo na lupain, lagyan ng tsek ang kahon sa tanong 8. Kabilang sa Pang-tribo na lupain ang anumang inilalaang lupa, Pueblo, o colony na pederal na kinikilala na para sa mga tribong Indiano, kabilang ang mga dating lupang inilaan sa Oklahoma; mga rehiyon para sa Katutubo ng Alaska na itinaguyod alinsunod sa Alaska Native Claims Settlement Act (85 Stat. 688); pagkakaloob sa mga Indian; Hawaiian Home Lands—mga lugar na ipinagkaloob sa mga Katutubong Hawaiian ng estado ng Hawaii, alinsunod sa Hawaiian Homes Commission Act (1920 Hulyo 9, 1921, 42 Stat. 108, at ng sumusunod, gaya ng sinusugan); at anumang lupain na itinalagang maging ganoon ng FCC alinsunod sa proseso ng pagtatalaga sa mga patakaran ng Lifeline ng FCC. Available ang mapa ng mga kuwalipikadong Pang-tribo na lupain sa website ng USAC: [https://www.usac.org/wpcontent/uploads/lifeline/documents/tribal/fcc\\_tribal\\_lands\\_map.pdf](https://www.usac.org/wpcontent/uploads/lifeline/documents/tribal/fcc_tribal_lands_map.pdf).
9. **Ano ang iyong address pangliham?** Ilagay lang ang iyong address pangliham kung iba ito sa address ng iyong bahay. Kasama dapat dito ang iyong numero at pangalan ng kalye sa unang linya, ang iyong apartment o numero ng yunit (kung mayroon ka) sa pangalawang linya sa unang hanay ng mga kahon, ang lungsod sa ikalawang linya sa ikalawang hanay ng mga kahon, ang pinaikling estado sa pangatlong linya sa unang hanay ng mga kahon, at Zip code sa pangatlong linya sa pangalawang hanay ng mga kahon.

#### **Pahina 4: Kwalipikadong Tao na Makikinabang**

10. Punan lang ang seksyong ito kung kwalipikado ka dahil sa isang anak o dependent. Kung kwalipikado ka dahil sa isang anak o dependent, lagyan ng tsek ang kahon.
11. **Ano ang iyong buong legal na pangalan?** Ilagay ang buong legal na pangalan ng anak o dependent – pangalan sa unang linya, gitnang pangalan (opsyonal) sa pangalawang linya sa unang hanay ng mga kahon, at apelyido sa ikatlong linya. Isama ang anumang panlapi (opsyonal) sa pangalawang linya sa pangalawang hanay ng mga kahon.
12. **Kailan siya ipinanganak?** Ilagay ang buwan, petsa, at taon ng iyong kapanganakan sa ganoong pagkakasunod-sunod.
13. **Pagpapatunay sa Pagkakakilanlan.** Pumili ng isa sa mga sumusunod para patunayan ang pagkakakilanlan ng iyong anak o dependent.
  - a. **Social Security Number.** Kung gusto mong patunayan ang kanilang pagkakakilanlan gamit ang kanilang Social Security Number, lagyan ng tsek ang kahon sa kaliwa ng subseksyong ito at ilagay ang huling apat na digit ng kanilang Social Security Number (SSN4) sa patlang na inilaan sa ibaba. Tandaan na hindi kailangan ang mga Social Security Number para lumahok sa Programa para sa Benepisyo ng Pang-emergency na Broadband, pero pinakamabilis na mapoproseso ang iyong aplikasyon sa paggamit ng Social Security Number.
  - b. **Tribal Identification Number.** Kung gusto mong patunayan ang kanilang pagkakakilanlan gamit ang kanilang Tribal Identification Number, lagyan ng tsek ang kahon sa kaliwa ng subseksyong ito at ilagay ang numero sa patlang na inilaan sa ibaba.
  - c. **Iba pang Anyo ng Pagkakakilanlan.** Kung gusto mong patunayan ang kanilang pagkakakilanlan gamit ang isa pang anyo ng pagkakakilanlan, kabilang ang Lisensya sa Pagmamaneho, Pansundalong ID, Pasaporte, Taxpayer Identification Number (ITIN), o iba pang ID na Inisyu ng Gobyerno, lagyan ng tsek ang kahon sa kaliwa ng subseksyong ito at piliin ang kahon para sa angkop na kategorya sa ibaba. Maglakip ng na-scan na kopya o larawan ng kanilang form ng pagkakakilanlan sa iyong aplikasyon.  
Lisensya sa Pagmamaneho  
Pansundalong ID  
Pasaporte  
Taxpayer Identification Number (ITIN)  
Iba pang ID na Inisyu ng Gobyerno

#### **Pahina 5: Maging Kwalipikado para sa Programa sa EBB**

Punan ang seksyong ito para ipakita na kwalipikado ka, ang dependent mo, o isang tao sa iyong sambahayan para sa Programa sa EBB. Puwede kang maging kwalipikado sa pamamagitan ng ilang programa sa tulong ng pamahalaan o sa pamamagitan ng iyong kita (hindi mo kailangang maging kwalipikado sa dalawa). Kapag ipinadala mo ang form na ito, pakilagay ang mga dokumento na nagpapakita na lumahok ka sa isa sa mga programang napili mo o na ikaw ay kwalipikado sa pamamagitan ng iyong kita. Makikita ang listahan ng mga tinatanggap na dokumento sa [GetEmergencyBroadband.org/Documents](http://GetEmergencyBroadband.org/Documents).

14. **Maging Kwalipikado sa Pamamagitan ng tulong na Programa ng Pamahalaan.** Lagyan ng tsek ang kahon na katabi ng lahat ng programang mayroon ka o ang isa sa iyong sambahayan:
- Programa para sa Tulong sa Supplemental na Nutrition (SNAP, na tinatawag ding Food Stamps)
  - Kita sa Supplemental na Seguridad (SSI)
  - Medicaid
  - Pederal na Tulong sa Pamublikong Pabahay (FPHA)
  - Mga Programa sa Pensyon ng mga Beterano o Benepisyo ng mga Nakaligtas
  - Federal Pell Grant para sa kasalukuyang taon ng paggagawad
  - Programa ng Libre at Murang Presyo ng Tanghalian sa Paaralan o Programa sa Agahan sa Paaralan para sa taong pampaaralan 2019-20 o 2020-21. Kung pinili mo ang opsyong ito, ilagay ang pangalan ng paaralan, distrito ng paaralan, at estado.
- Mga Espisipikong Programang Pang-tribo
- Pangkalahatang Tulong ng Bureau of Indian Affairs (BIA)
  - Pansamantalang Tulong na Pang-tribo para sa mga Nangangailangang Pamilya (Tribal TANF)
  - Programa para sa Distribusyon ng Pagkain sa mga lugar na Laan sa mga Indiano (FDPIR)
  - Tribal Head Start (para lang sa mga sambahayan na nakakatugon sa pamantayan sa kwalipikadong kita)

O

#### **Pahina 6: Maging Kwalipikado para sa Programa sa EBB (Ipinagpatuloy)**

15. **Maging Kwalipikado sa Pamamagitan ng Malaking Pagkawala ng Kita.** Lagyan ng tsek ang kahon na may bilang 15 kung nakaranas ka o ang isang tao sa iyong sambahayan ng malaking pagkawala ng kita simula noong Pebrero 29, 2020 at ang kabuuang kita ng iyong sambahayan noong 2020 ay katumbas o wala pang \$99,000 para sa isang nagsumite ng file o \$198,000 para sa magkasamang nagsumite ng file. Kapag nilagyan mo ng tsek ang kahon na ito, hindi mo kailangang kumpletuhin ang mga natitira sa pahina.

O

**Maging Kwalipikado sa Pamamagitan ng Kita ng Sambahayan.** Kung sa palagay mo ay kwalipikado ka para sa Programa sa EBB sa pamamagitan ng iyong kita, kumpletuhin ang mga tanong 16 at 17. Kwalipikado ka sa pamamagitan ng iyong kita kung ang kita mo ay nasa o mas mababa sa 135% ng Mga Panuntunan ng Pederal tungkol sa Kahirapan noong 2021. Karaniwang binabago ang Mga Panuntunan ng Pederal tungkol sa Kahirapan tuwing katapusan ng Enero.

16. **Kasama ka, ilang tao ang nakatira sa iyong sambahayan?** Lagyan ng tsek ang kahon na katabi ng angkop na bilang.
17. **Ang kita mo ba ay kapareho o mas mababa sa halagang nakalista para sa iyong estado at laki ng sambahayan?** Sundan ang linya na katapat ng bilang ng iyong sambahayan para makita ang mga limitasyon sa kita ng Programa sa EBB. Lagyan ng tsek ang “yes” o “no” para tukuyin kung ang kita mo ay nasa o mas mababa sa nakalistang numero. Ang unang hanay ay para sa mga sambahayan sa 48 estado, DC, at mga teritoryo. Ang pangalawang hanay ay limitasyon ng kita para sa Alaska, at ang ikatlong hanay ay para sa Hawaii.

#### **Pahina 7: Mga Kasunduan**

Lagyan ng inisyal sa tabi ng bawat kahon na sumasang-ayon ka sa pahayag. Sumasang-ayon ako, sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling, sa sumusunod na mga pahayag:

18. Ako (o ang aking dependent o iba pang tao sa aking sambahayan) ay kasalukuyang nakakakuha ng mga benepisyo mula sa nakalistang (mga) programa ng pamahalaan sa form na ito, nakaranas

ng malaking pagkawala ng kita simula Pebrero 29, 2020, o ang taunang kita ng sambahayan ay nasa o mas mababa sa 135% ng Mga Panuntunan ng Pederal tungkol sa Kahirapan (ang halaga ay nakalista sa talahanayan ng Mga Panuntunan ng Pederal tungkol sa Kahirapan sa form na ito).

19. Sumasang-ayon ako na kapag lumipat ako, ibibigay ko sa aking tagapagbigay ng serbisyo ang bago kong address sa loob ng 30 araw.
20. Nauunawaan ko na kailangan kong sabihin sa aking tagapagbigay ng serbisyo, sa loob ng 30 araw, kung hindi na ako kwalipikado para sa Programa sa EBB, kabilang ang:
  - 1) Ako, o ang isang tao sa aking sambahayan na kwalipikado, ay hindi na kwalipikado sa pamamagitan ng isang programa sa pamahalaan o kita.
  - 2) Ako o ang isang tao sa aking sambahayan ay nakakakuha ng mahigit sa isang benepisyong ng Programa sa EBB.
21. Alam ko na puwede lang makakuha ng isang benepisyong ng Programa sa EBB ang aking sambahayan at, sa abot ng aking kaalaman, hindi nakakuha ng mahigit sa isang benepisyong ng Programa sa EBB ang aking sambahayan. Nauunawaan ko na makatanggap lang ako ng isang nakakonektang device (desktop, laptop, o tablet) sa pamamagitan ng Programa sa EBB, kahit pa nagpalit ako ng mga tagapagbigay ng EBB.
22. Sumasang-ayon ako na lahat ng impormasyong ibinigay ko sa form na ito ay puwedeng kolektahin, gamitin, ibahagi, at panatilihin para sa mga layunin ng pag-apply para sa at/o pagtanggap ng benepisyong ng Programa sa EBB. Nauunawaan ko na kapag hindi ibinigay ang impormasyong ito sa Tagapangasiwa ng Programa, hindi ako makakuha ng mga benepisyong ng Programa sa EBB. Kung ipinag-uutos ng mga batas sa aking estado o pamahalaan ng Tribo, sumasang-ayon ako na puwedeng ibahagi ng estado o pamahalaan ng Tribo ang aking impormasyong tungkol sa mga benepisyong para sa programa sa pagiging kwalipikado sa Tagapangasiwa ng Programa sa EBB. Gagamitin lang ang impormasyong ibinahagi ng estado o pamahalaan ng Tribo para tulungang malaman kung makakuha ako ng benepisyong ng Programa sa EBB.
23. Para sa aking sambahayan, kinukumpirma at nauunawaan ko na ang Programa sa EBB ay isang pansamantalang tulong ng pederal na pamahalaan na nagbabawas ng bayarin sa serbisyo ng access sa broadband internet at sa katapusan ng programa, sasailalim ang aking sambahayan sa mga pangkalahatang rate, tuntunin, at kondisyon na walang diskuwento ng provider kapag patuloy na nag-subscribe ang aking sambahayan sa serbisyo.
24. Totoo at tama sa abot ng aking kaalaman ang lahat ng sagot at pagsang-ayong ibinigay ko sa form na ito.
25. Alam ko na ang sinasadyang pagbibigay ng hindi totoo o mapanlinlang na impormasyon para makakuha ng mga benepisyong ng Programa sa EBB ay mapaparusahan ng batas at puwedeng magresulta sa mga multa, pagkakulong, pag-aalis sa listahan, o pagkakaalis sa programa.
26. Nagsasabi ako ng katotohanan tungkol sa kung residente ako o hindi ng Pang-tribo na lupain, gaya ng tinukoy sa seksyon ng Iyong Impormasyon sa form na ito.
27. **Pirma:** Pirmahan ang form.
28. **Petsa Ngayong Araw:** Ilagay ng petsa ngayong araw.

#### **Pahina 8: Impormasyon ng Kinatawan at Pahayag sa Batas sa Pagkapribado**

Sagutan lamang kung ang kinatawan ng tagapagbigay ng serbisyo ang magsusumite ng form na ito.

29. **Ano ang ID ng iyong Kinatawan?** Dapat ilagay ng kinatawan ng tagapagbigay ng serbisyo na nagsusumite ng form na ito ang kaniyang ID na nakarehistro sa Database ng Pananagutan ng Kinatawan.

## **Pahayag ng Batas sa Pagkapribado**

### **Ipinapaliwanag ng Pahayag ng Batas sa Pagkapribado na ito kung paano namin gagamitin ang personal na impormasyon na iyong inilagay sa form na ito.**

Ang Batas sa Pagkapribado ay isang batas na nag-uutos sa Federal Communications Commission (FCC) at ang Universal Service Administrative Company (USAC) na ipaliwanag kung bakit kami humihingi sa mga indibidwal ng personal na impormasyon at kung ano ang gagawin namin sa impormasyong ito pagkatapos namin itong kolektahin.

**Awtoridad:** 47 U.S.C. §254; Consolidated Appropriations Act, 2021, Pampublikong Batas 116–260, div. N, tit. IX, § 904; 47 CFR Part 54, Subparts E and P.

**Layunin:** Kinokolekta namin ang personal na impormasyong ito para mapatunayan namin ang iyong pagkakakilanlan at kung kwalipikado ka para sa programa ng Lifeline o mga katulad na programa na gumagamit ng kita o pakikilahok ng konsumer sa ilang programa sa benepisyo ng gobyerno bilang pamantayan sa pagiging karapat-dapat, tulad ng Programa sa Benepisyo ng Pang-emergency na Broadband. Ina-access, pinapanatili at ginagamit namin ang iyong personal na impormasyon sa paraang inilarawan sa Lifeline System of Records Notice (SORN), FCC / WCB-1, na na-publish sa 86 Fed. Reg. 11526 (Peb. 25, 2021), at ang Programa sa Benepisyo ng Pang-emergency na Broadband SORN, FCC/WCB-3, na nai-publish sa 86 Fed. Reg. 11523 (Peb. 25, 2021).

**Mga Karaniwang Gamit:** Puwede naming ibahagi ang personal na impormasyon na inilagay mo sa form na ito sa iba pang partido para sa mga tiyak na layunin, tulad ng:

- Sa mga kontraktor na tumutulong sa amin na patakbuhan ang programa ng Lifeline at mga katulad na programa na gumagamit ng kita o pakikilahok ng konsumer sa ilang programa sa benepisyo ng gobyerno bilang pamantayan sa pagiging karapat-dapat, tulad ng Programa sa Benepisyo ng Pang-emergency na Broadband;
- Sa iba pang ahensya ng pederal na pamahalaan at estado at mga Pang-tribo na ahensya na tumutulong sa amin na matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat sa Lifeline at pagiging karapat-dapat para sa mga katulad na programa na gumagamit ng kita o pakikilahok ng konsumer sa ilang programa sa benepisyo ng gobyerno bilang pamantayan sa pagiging karapat-dapat, tulad ng Programa sa Benepisyo ng Pang-emergency na Broadband;
- Sa mga kumpanya ng telecommunication at mga tagapagbigay ng broadband na nagbibigay sa iyo ng serbisyo sa Lifeline at iba pang serbisyo na saklaw ng kaparehong programa na gumagamit ng kita o pakikilahok ng konsumer sa ilang pederal na programa sa benepisyo bilang pamantayan sa pagiging karapat-dapat, tulad ng Programa sa Benepisyo ng Pang-emergency na Broadband;
- Sa iba pang pederal na ahensya o sa iba pang pang-administratibo o adjudicative na katungkulan kung saan ang FCC ay pinahintulutan na dumalo;
- Sa mga naaangkop na ahensya, entidad, at tao kapag naghinala ang FCC o nakumpirma na mayroong paglabag sa impormasyon; at
- Sa nagpapatupad ng batas at iba pang opisyal na iniimbestigahan ang mga potensyal na paglabag sa Lifeline at iba pang patakaran ng programa.

Naka-publish sa Lifeline SORN ang kumpletong listahan ng mga paraan na puwede naming magamit ang iyong impormasyon at ang Programa sa Benepisyo ng Pang-emergency na Broadband SORN na inilarawan sa talata na “Layunin” ng pahayag na ito.

**Paglalahad:** Hindi ka kinakailangang magbigay ng impormasyong hinihiling namin, ngunit kung hindi mo gagawin, hindi ka karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo sa Lifeline sa ilalim ng mga patakaran ng Programa ng Lifeline, 47 C.F.R. Part 54, Subpart E, o mga benepisyo sa ilalim ng Programa sa Benepisyo ng Pang-emergency na Broadband, 47 C.F.R. Part 54, Subpart P.

Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan sa Universal Service Administrative Company

Website: [GetEmergencyBroadband.org](https://www.getemergencybroadband.org)

Telepono: Tumawag sa Emergency Broadband Support Center sa 1-833-511-0311